Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

**PARA SA AGARANG PAGLABAS:** Marso 12, 2026
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

## Bubuksan ng Distrito ng Hangin ang mga application para sa Programang People's Air Grant *Mayroong pondo para masuportahan ang mga proyekto para sa kalidad ng hangin at kalusugan ng publiko sa mga apektadong komunidad*

**SAN FRANCISCO** – Binuksan ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang panahon ng application para sa gawad para sa Programang People's Air Grant, na oportunidad sa pagpopondo na idinisenyo para masuportahan ang mga lokal na stakeholder na nagsisikap na pagandahin ang kalidad ng hangin at kalusugan ng publiko sa mga komunidad na lubos na apektado ng polusyon sa hangin.

Magbubukas ang application para sa gawad sa **Marso 12, 2026**, at mananatili itong bukas hanggang **Mayo 29, 2026**.

“Ang mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin ay dapat may makabuluhang tungkulin sa paghubog ng mga solusyon na nakakaapekto sa kanilang kalusugan at kalidad ng buhay,” ayon kay Dr. Philip Fine, ng tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang Programang People's Air Grant ay direktang namumuhunan sa mga pagsisikap na pinangungunahan ng komunidad, na nagbibigay ng mga resource at suporta na kinakailangan para magamit ang lokal na kaalaman para magkaroon ng mga tunay na pagpapaganda sa kalidad ng hangin at ng mas matatag at mas epektibong pakikipagtulungan sa buong Bay Area.”

Para suportahan ang mga potensyal na aplikante, magsasagawa ang Distrito ng Hangin ng dalawang webinar:

- Martes, Marso 24, 2026: Webinar na nagbibigay ng impormasyon
- Huwebes, Abril 9, 2026: Webinar para sa paghahanda sa application

Hinihikayat na mag-apply ang mga organisasyon sa komunidad, mga lokal na nonprofit na organisasyon, mga pampublikong ahensiya at Mga Tribo ng Native American sa California na naglilingkod sa mga komunidad sa Bay Area para sa katarungan sa kapaligiran. Ang Programang

People's Air Grant ay magpopondo ng mga proyekto para mabawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin at matugunan ang mga alalahanin sa kalusugan ng publiko sa mga apektadong komunidad.

Ang mga alituntunin sa application at karagdagang impormasyon tungkol sa Programang People's Air Grantay available sa **www.baaqmd.gov/peoplesairgrant**. Maaaring ipadala sa Peoplesairgrant@baaqmd.gov ang mga tanong tungkol sa proseso ng application.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county sa Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*
*Air District Homepage* | *News Releases*